# Ako at Ang Aking Karapatan




"For Read Purposes Only"

Kuwento ni
**Maria Cecilia B. Caǹete**

Guhit ni
**Jeanette M. Abece**

"For ReadEx Purposes Only"

"For ReadEx Purposes Only"

***Ako at Ang Aking Karapatan***

***Maikling kuwento sa Edukasyon sa Pagpapakatao Para sa Unang Baitang***

***1.3. Pagpapahalaga sa Karapatan (Appreciation of One's Rights)***

***Pamantayan sa Pagkatuto:***

*114. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga karapatang tinatamasa.*

*Hal. Pagkain ng masusustansyang pagkain, Nakapag-aaral*

***EsP1PPP- IIIb-c***



"For ReadEx Purposes Only"

Ang kuwentong ito ay orihinal na isinulat ni **Maria Cecilia B. Cańete** at iginuhit ni **Jeanette M. Abece.**

Karapatang ari © 2018. Isinulat ni **Maria Cecilia B. Cańete** at iginuhit ni **Jeanette M. Abece**,
Sangay ng mga Paaralang Panlunsod,
Lungsod Quezon, Metro Manila.

# Ako
# at
# Ang Aking Karapatan

"For ReadEx Purposes Only"

“ Napakasaya ko ngayon!” wika ni Sarah.

Nasa unang baitang na siya.

Kasama niya ang kanyang mga kaibigan.

May mga bagong kaklase siya na nakilala.

“Mahalaga at nakabubuti ang pag-aaral,”

pagmamalaking wika ni Sarah.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEx Purposes Only"

Nilapitan siya ni Titser Ruth.

May iniabot na papel at nagpaalala.

“Sarah, pakibigay ito sa mama mo.

Kailangan ko siyang makausap tungkol sa

sa iyong *birth certificate*.”

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

“Ano po iyon?” tanong ni Sarah.

“Iyon ay katibayan ng iyong kapanganakan.

Ang iyong pangalan ay nakasulat doon.

Maging ang petsa ng iyong kaarawan,”

mahinahong paliwanag ng titser.

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

“Talaga po, Titser Ruth?” bulalas niya.

“Alam mo, Sarah, mahalaga iyon.

Kailangang may sarili kang pangalan.

Ito’y isa sa iyong mga karapatan.

Kaya ibigay mo ito,” bilin niya.

“Opo, Titser!” masayang sagot ni Sarah.

"For ReadEx Purposes Only"



Sabik siyang umuwi ng bahay at

ibinigay ang sulat sa kanyang Mama.

Binasa ito ng ina sabay ngiti.

“Sige, anak, hahanapin ko ito,” nakangiting

tugon ng ina.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEx Purposes Only"

Ipinaghain ng ina ang kanyang anak.

“Anak, kumain ka nang mabuti.

Masarap ang isda, gulay, at prutas,”

paalala ng kanyang maasikasong ina.

“Wow! Ang sarap!” napabulalas siya.

“For ReadEx Purposes Only”



“Alam mo, anak, karapatan mo ang maging malusog sa iyong paglaki. Kailangan mo ng masusustansiyang pagkain tulad ng isda, gulay, karne, at prutas upang lumaki kang malusog at maiwasang magkasakit.” paliwanag ng ina.

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

“Karapatan?” narinig ito ni Sarah kanina.

“Tama ang narinig mo, Sarah… karapatan.

O sige, anak, kumain ka muna.

Magpahinga ka pagkatapos mong kumain.

Panoorin mo ang iyong paboritong palabas,”

wika ng mapagmahal niyang ina.

“For ReadEx Purposes Only”



Nalilibang na si Sarah sa panonood.

Maya-maya’y may narinig siya sa labas.

Naglalaro ang kaniyang mga kaibigan.

Nagtatawanan pa sila sa sobrang saya.

Gusto niya ring makipaglaro,

kaya nagpaalam siya sa kaniyang ina.

“For ReadPH Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

“Mama, puwede po ba akong sumali?

Gusto ko pong makipaglaro.

Maaari po ba?” malambing niyang tanong.

“Karapatan mo ring makapaglaro, anak.

Pero tapusin mo muna ang iyong proyekto.

Mainit din sa labas ,” paliwanag ng ina.

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

“Salamat po Ma,” magalang niyang sagot.

“Tatandaan ko ang sinabi ni Mama.

Karapatan ko rin pala ang makapaglaro.

Pero tatapusin ko muna itong proyekto.

Mamaya makakasali rin ako,” naisip niya.

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

Kinabukasan, dala niya ang *birth certificate*.

Masaya niya itong iniabot sa titser.

“May sarili na po akong pangalan —

pahahalagahan ko ito,” wika niya.

“Salamat, Sarah,” sagot ni Titser Ruth.

“For ReadEx Purposes Only”


"For ReadEx Purposes Only"

Nagsimula na ang klase.

Tinalakay nila ang kanilang mga karapatan.

Itinuro dito kung paano ito pahahalagahan.

“Kayong lahat ay may mga karapatan.

Ngunit ito ay may kakambal.

Ito ay ang responsibilidad,” wika ng titser.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEx Purposes Only"

Nang matapos na ang kanilang klase, pinag-isipan niya nang mabuti ang sinabi ng kanyang guro. Ngayon ay alam na ni Sarah ang kanyang mga karapatan at ang kaakibat nitong tungkulin. Naisip niya na dapat niyang pahalagahan ang mga ito.

"For ReadEx Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"


Sarah

Si Maria Cecilia B. Caňete ay nagtapos ng Bachelor of Elementary Education sa Veritas College of Irosin. Siya ay nagtuturo sa Paaralang Elementarya ng Holy Spirit. Kinagigiliwan niyang magsulat ng mga tula ng karanasan, pasasalamat, pagmamahal sa pamilya , mga isyung pambayan at pananampalataya sa Diyos. Ito ang kanyang unang kwentong pambata na isinulat. Alay niya ito sa kanyang mga anak at mga mag-aaral. Inaanyayahan niya kayo na basahin ito at kapulutan ng aral.



"For Recolex Purposes Only"

Si Jeanette M. Abece ay isang masipag na guro sa Paaralang Elementarya ng Holy Spirit. Bukod sa pagtuturo, kinagigiliwan niya ang ang pagguhit at pagpinta. Ang husay niyang ito sa pagguhit ay patuloy niyang nililinang para mag-ambag sa kahusayan ng mga mag-aaral. Ang kanyang mga obra ay kinagigiliwan ng lahat at nagsisilbing inspirasyon.



Si Sarah ay masayahing bata. Natutuwa siya sa mga tinatamasa niyang karapatan.

Ipinagpapasalamat at pinahahalagahan niya ang mga karapatan na mayroon siya. Ikaw, alam mo ba ang iyong mga karapatan?

"For ReadEx Purposes Only"